

## *Awit 23*

Ang Panginoon ang aking pastol;  
hindi ako kukulangin sa anumang kailangan ko.

Pinapahiga niya ako sa luntiing pastulan,  
at inaakay niya ako sa tabi ng mga tubig na payapa.

Binibigyan niya ng panibagong sigla ang aking kaluluwa;  
pinapatnubayan niya ako sa mga landas ng katuwiran  
dahil sa kapurihan ng kanyang pangalan.

Kahit na lumakad ako sa libis ng lilim ng kamatayan,  
hindi ako matatakot sa anumang kasamaan,  
sapagkat ikaw ay kasama ko;  
ang iyong pamalo at ang iyong tungkod  
ang siyang umaaliw sa akin.

Inihahanda mo ang isang hapag para sa akin  
sa harap ng aking mga kaaway;  
pinapahiran mo ng langis ang aking ulo;  
ang aking saro ay umaapaw.

Tiyak na ang iyong kabutihan at wagas na pag-ibig  
ay sasama sa akin  
sa lahat ng mga araw ng aking buhay,  
at ako'y mananahan sa bahay ng Panginoon  
magpakailanman.